# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 01, 2021, LUNES, IKA 09:21 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | Kagawad |

RECORDED 24 FEB 2021 SANGGUNIANG BAYAN OFFICE Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 011-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 126-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 19-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN LIMAMPU'T LIMANG LIBO LABING ISANG PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P355,011.40) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) FUND NG BARANGAY BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** iniliwat ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan ang Kapasiyahan Blg 126-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 19-T2020 ng Barangay Bubukal na naglalayong makapagpatibay ng 5% Gender and Development (GAD) Fund ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKAT**, ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay matalakay at malaman ng mga kasapi ang mga pangunahing pangangailangan ng barangay na paglalaanan ng naturang pondo ay ipinasya ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 126-T2020/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 19-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P355,011.40 para sa limang bahagdan (5%) Gender and Development (GAD) Fund ng Barangay Bubukal, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 01, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan